# Tayahin

Panuto: Basahin at unawain ang maikling kuwento sa loob
ng kahon. Basahin ang mga tanong sa ibaba at piliin ang letra ng iyong sagot.

**Si Rumi**

Si Rumi ay mahilig magtapon ng basura kung saan-saan. Kahit may basurahan na sa tabi niya,

hindi parin niya ito ginagamit. Bumara tuloy ang kanal sa kanilang lugar. Isang gabi, habang siya ay mahimbing na natutulog, bumuhos ang napakalakas ng ulan. Paggising niya, laking gulat

niya. Ang basurang kaniyang tinapon ay nasa loob ng kanilang bahay. Paghupa ng baha, kinuha ni Rumi ang walis at tumulong sa paglilinis ng kanilang bahay at kanilang paligid. Mula noon hindi na siya nagtapon ng basura kung saan-saan.

_____ 1. Ano ang pamagat ng kuwento?

A. Ang Basura B. Ang Baha C. Si Rumi

_____ 2. Sino ang tauhan sa kuwento?

A. Si Danilo B. Si Rumi C. Si Rina

_____ 3. Ano ang nangyari habang natutulog si Rumi?

A. May magnanakaw na pumasok sa kanilang bahay.
B. Bumuhos ang napakalakas na ulan.
C. Sumisigaw ang kapitbahay.

_____ 4. Paggising niya ano ang nakita niya?

A. Ang basurang kaniyang tinapon ay nasa loob ng kanilang bahay.
B. Ang magnanakaw ay dali-daling kinuha ang kanilang mga kagamitan.
C. Ang kaniyang kapatid ay umiiyak.

_____ 5. Anong ginawa niya paghupa ng baha?

A. Natulog siya ulit at hinintay na mawala ang ulan.
B. Hinayaan niyang kumalat ang mga basura sa loob ng kanilang bahay.
C. Kinuha niya ang walis at tumulong sa paglilinis ng kanilang bahay at kanilang paligid.

LIVEWORKSHEETS